# Pagbabahagi ng Impormasyon ng Bata
# Child Information Sharing

Filipino

## Bakit mo gustong ibahagi ang aking impormasyon?

**Pag-aalaga sa mga batang taga-Victoria**

Upang matulungan ang lahat ng mga batang taga-Victoria na mabuhay nang ligtas at masaya, ang Pamahalaang Victoria ay nagpapabuti sa paraan ng pagbabahagi ng impormasyon ng ilang mga propesyonal na nagtatrabaho kasama ang mga bata.

Maraming mga serbisyo na ang nagbabahagi ng impormasyon. Ang Child Information Sharing Scheme (CISS) ay ginagawang mas madali para sa mga propesyonal na ito na makita ang buong larawan ng bata na kanilang kasama sa trabaho, na tumutulong sa kanila na maunawaan kung ano ang maaari nilang ibahagi, at kung paano protektahan ang privacy ng isang pamilya.

## Paano ito nakakatulong sa mga pamilya?

Maraming mga bata ang mangangailangan ng suporta sa ilang yugto ng kanilang buhay. Mula nang sila ay isinilang, hanggang sa sila'y maging 18 taong gulang, tinutulungan ng Child Information Sharing Reforms ang mga bata at kanilang pamilya na makakuha ng mas mahusay na suporta mula sa mga propesyonal at organisasyon.

## Paano ito nakakatulong sa mga propesyonal?

Ang Pagbabahagi ng Impormasyon ng Bata ay nagbibigay daan sa mga propesyonal na sumusuporta at nag-aalaga sa mga bata (tulad ng mga guro at nurse) na ibahagi ang kanilang kaalaman tungkol sa isang bata sa isa't-isa, habang nagbibigay din ng mga alituntunin sa kung ano ang ibabahagi, at kung paano protektahan ang privacy ng isang pamilya.

## Halimbawa:



Si Taj ay kalilipat lang ng paaralan. Napansin ng kanyang bagong guro na si Sarah na alanganin siyang magsalita sa klase, at nahihirapang tapusin ang kanyang gawain sa paaralan. Sa paghingi ng impormasyon mula sa dating paaralan ni Taj, nalaman ni Sarah na mayroon siyang dyslexia, kaya nag-aalangan siyang sumali sa klase.

**Ito ay isang halimbawa ng impormasyon na maaaring ibahagi sa pamamagitan ng Pagbabahagi ng Impormasyon ng Bata (Child Information Sharing), dahil pinapayagan nito ang guro ni Taj na lumikha ng isang plano sa aralin na sumusuporta sa mga pangangailangan sa pag-aaral ni Taj.**

# Kanino mo ba ito ibinabahagi? Paano ba ito gagamitin?

## Ang uri ng impormasyon na ibinabahagi

Ang anumang impormasyon na sumusuporta sa kapakanan o kaligtasan ng mga bata ay maaaring ibahagi. Maaaring ito ay impormasyon tulad ng propesyonal na suporta na natatanggap ng bata, o pananaw tungkol sa mga relasyon ng pamilya.

### Para saan ang impormasyon

- Pagtiyak na hindi mo na kailangang sabihin ang iyong kuwento nang dalawang beses
- Pagsangkot sa mga tamang tao na maaaring makatulong
- Nakikita ang buong larawan
- Pagtulong sa mga bata na umunlad

## Sino ang maaaring magbahagi at mag-access ng impormasyon?

Ilang tao lamang ang may awtoridad na magbahagi ng impormasyon – hindi lahat. Ang mga taong ito ay mga propesyonal na may obligasyon sa pag-aalaga at pagprotekta sa mga bata, tulad ng mga guro, doktor, social worker at counsellor, nurse at pulis.



## Halimbawa:

Si Lisa ay isang school nurse na nagtatrabaho kasama si Alice, at ang kanyang limang taong gulang na anak na si Jasmine na may bahagyang kondisyon sa puso. Sa pagsisimula ni Jasmine sa primarya, kinausap ni Lisa si Alice, dahil nais niyang makuha ang mga pananaw ni Alice hinggil sa pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa kalagayan ni Jasmine sa nurse sa kanyang mababang paaralan, upang matiyak na alam nila ang kanyang mga pangangailangan. Alam ni Lisa ang mga pananaw ni Alice bago ibahagi ang impormasyon.

**Ito ay isang halimbawa kung kailan maaaring piliin ng isang propesyonal na magbahagi ng impormasyon, at kung kanino niya maaaring ibahagi ito.**

# Kailan maibabahagi ang impormasyon?

**Ang impormasyon ay hindi maaaring ibahagi maliban kung:**

1. **Gagamitin ito upang itaguyod ang kapakanan o kaligtasan ng isang bata (o grupo ng mga bata).**
2. **Ang pagbabahagi ay tutulong sa pagbibigay ng mga serbisyo, paggawa ng mga plano o pagsisiyasat o pamamahala ng mga panganib sa mga bata.**
3. **Hindi ito maglalagay kaninuman sa panganib, maging legal na pagbawalan o hindi isama sa ilalim ng mga regulasyon.**

Para sa buong listahan ng mga kondisyon na dapat matugunan bago maibahagi ang impormasyon, bisitahin ang www.infosharing.vic.gov.au

## Paano ibinabahagi ang impormasyon?

Ang mga legal na awtorisadong organisasyon at propesyonal ay maaaring humingi ng impormasyon o magpasyang ibahagi ito.

## Pagpapanatiling pribado at ligtas ng impormasyon

Bahagi ng pagprotekta sa mga bata ay ang pagtiyak na ang kanilang impormasyon ay pinananatiling ligtas at may seguridad din. Sinusuportahan ng Child Information Sharing ang umiiral na mga batas sa privacy sa pamamagitan ng pagsasabi sa mga propesyonal kung kailan sila maaaring magbahagi ng impormasyon sa ilalim ng mga batas na ito. Labag sa batas ang magbahagi ng kumpidensyal na impormasyon kung hindi ito kailangan. Bukod pa rito, lahat ng impormasyon ay dapat na ligtas na iniimbak ng mga indibidwal na organisasyon. May pagsasanay na ibinibigay sa mga awtorisadong kawani na ito, upang malaman nila ang kanilang mga responsibilidad.

## Halimbawa:

Si Andy ay isang social support worker na tumanggap ng kahilingan mula sa admissions officer ng isang high school upang magbahagi ng impormasyon tungkol kay Lee. Sinuportahan ni Andy ang pamilya ni Lee sa panahon noong wala silang matirahan. Matapos kumonsulta kay Lee at sa kanyang pamilya, hindi nagbahagi si Andy ng impormasyon tungkol sa kanilang sitwasyon sa pamumuhay, dahil naghihinala siya na maaaring gamitin ito upang hindi mapabilang si Lee sa pagpapatala sa paaralan.

**Ito ay isang halimbawa kung saan ang mga propesyonal ay hindi maaaring magbahagi ng impormasyon – ang admissions officer ay hindi isang awtorisadong propesyonal, at ang impormasyon ay hindi ginagamit upang suportahan ang kapakanan o kaligtasan ni Lee o ng kanyang pamilya.**

# Mga reklamo

## Kung nag-aalala ka na maaaring naibahagi ang impormasyon sa paraang hindi pinapayagan, may karapatan kang magbigay ng feedback at magreklamo.

**Para magreklamo sa unang pagkakataon, kausapin ang organisasyon na nagbahagi ng impormasyon. Lahat ng organisasyon ay dapat mayroong mga umiiral na pamamaraan sa pagharap sa mga reklamo.**



## Kung hindi ka nasisiyahan na nalutas na ang bagay, maaaring magreklamo sa:

**Office of the Victorian Information Commissioner kung ang reklamo ay tungkol sa personal na impormasyon**

Website: ovic.vic.gov.au / Telepono: 1300 666 444

**Health Complaints Commissioner kung ang reklamo ay tungkol sa impormasyon sa kalusugan**

Website: hcc.vic.gov.au / Telepono: 1300 582 113

## Kung nais mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa Child Information Sharing Scheme maaari kang:

**Tumawag sa amin sa:** 1800 549 646

**Sumulat sa amin sa:** CISandFVIS@education.vic.gov.au

**Bumisita sa website sa:** vic.gov.au/child-information-sharing-scheme